

### WARM-UP

- Ano ang una mong naisip tungkol sa matalik mong kaibigan noong una kayong nagkakilala? Tama ba ng naisip mo tungkol sa kanya?
- Maituturing mo ba ang sarili mo na isang taong ipipilit kung ano ang nagustuhan? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang isang bagay na pinaniniwalaan mong mangyayari sa kasalukuyan?

**WORD** *Sinabi ng Panginoon, "Narito ang lingkod ko na aking pinalalakas ang loob. Pinili ko siya at nagagalak ako sa kanya. Sumasakanya ang aking Espiritu, at papairalin niya ang katarungan sa mga bansa. **ISAIAH 42:1***

Sa talatang ito, sinabi ng propetang si Isaias na si Jesus ay ang lingkod na pinili ng Diyos at nagagalak Siya sa Kanya. Ang lingkod ay pinili upang maging tagapagbalita ng katarungan at pag-asa sa mga bayan, na naging katuparan naman ng Kautusan ng Diyos para sa sangkatauhan. Subalit hindi niya ito gagawin sa paraang inaasahan ng mga tao, o paraang nagpapakita ng labis na kalakasan at kapangyarihan. Titignan natin ngayon kung paaano inilarawan si Jesus bilang isang mapagpakumbabang lingkod.

## 1 | Lingkod na May Kapangyarihan ng Espiritu

*Sinabi ng Panginoon, "Narito ang lingkod ko na aking pinalalakas ang loob. Pinili ko siya at nagagalak ako sa kanya. Sumasakanya ang aking Espiritu, at papairalin niya ang katarungan sa mga bansa. ISAIAS 42:1*

Si Jesus ay mapagpakumbabang lingkod at nagagalak ang Diyos sa Kanya. Sa pamamagitan ng Espiritu, kaya Niyang ipakita ang kalakasan ng Kanyang kapangyarihan. Sa halip na gumawa ng mga bagay upang makatanggap ng papuri, ginamit Niya ang Kanyang kapangyarihan para pagalingin ang mga may sakit. (Mateo 12:15-18) Hindi Niya gingawa kung ano lamang ang gusto Niyang gawin, kundi ginagawa Niya ang kagustuhan ng Ama sa pamamagitan ng Espiritu. Sino ang Banal na Espiritu at ano ang ginagawa Niya sa atin? (Juan 14:26)

---

---

## 2 | Maginoong Lingkod

*<sup>2</sup>Hindi siya sisigaw o magsasalita nang malakas sa mga lansangan. <sup>3</sup>Hindi niya pababayaan ang mahihina ang pananampalataya at hindi niya tatalikuran ang mga nawalan ng pag-asa. Matapat niyang papairalin ang katarungan. ISAIAS 42:2,3*

Kapag naiisip natin ang salitang "hustisya" naiisip natin ang isang tao na namumuno nang buong tapang at malakas ang tinig na ipinaglalaman ang mga naaapi. Subalit si Jesus ay matapat na papairalin ang katarungan sa pamamagitan ng pagiging maginoo. Hindi siya sisigaw o magsasalita nang malakas sa mga lansangan na tatawag ng pansin sa Kanyang sarili. Paano mo naranasan ang pagiging maginoo ng Diyos sa buhay mo?

---

---

---

---

### 3 | Matiising Lingkod

*Hindi siya manghihina o mawawalan ng pag-asa hangga't hindi niya lubusang napapairal ang katarungan sa buong mundo. Pati ang mga tao sa malalayong lugar ay maghihintay sa kanyang mga turo.” ISAIAS 42:4*

Dito sa magulo, mapagmataas, at puno ng galit na mundo, mahirap maging tagapagbalita ng katarungan, lalo na ang katarungan ng Diyos. Subalit si Jesus na may natatanging pagkamaginoo ay hindi panghihinaan o mawawalan ng pag-asa. Siya lamang ang tanging pag-asa dahil ang kapatawaran at katarungan ng Diyos ay magmumula sa Kanya. Dahil sumasakanya ang Espiritu ng Diyos, hindi Niya bibitawan ang pagsasakatuparan ng layuning ibinigay sa Kanya. Paano nakita sa buhay mo ang pagiging matiisin ni Jesus?

---

---

---

---

#### APPLICATION

- Naisuko mo na ba ang buhay mo kay Jesus, ang maginoo at matiising lingkod?
- Paano naipakita ng buhay mo ang pagiging maginoo at matiisin ni Jesus? Paano mo ito maipapakita sa mga tao sa paligid mo ngayong linggo?
- May tao ba sa paligid mo na kailangang makaranas ng pagiging maginoo ni Jesus? Paano mo maibabahagi sa kanya ang ebanghelyo upang maipakita ang pagiging mapagpakumbaba ni Jesus?

## PRAYER

- Pasalamatán ang Diyos sa pagpapadala kay Jesús dito sa mundo upang maging tagapagbalita ng katarungan at pag-asa sa lahat ng bayan. Ipanalangin na maranasan mo ang pagiging maginoo at matiisin Niya.
- Ipanalangin na habang nararanasan mo ang pagiging maginoo at matiisin ni Jesús, magawa mo rin itong ipakita sa mga tao sa paligid mo.
- Ipanalangin na umiral sa mundong ito ang katarungan ng Diyos, at na mamuhay nang naaayon sa Kanyang Salita at kagustuhan ang mga tao.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



VICTORY

© 2019 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa

Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph